COVID-19 MGA PROTOKOL SA PAGLILINIS NG MGA BINAKANTE NA SILID

Bago gamitin ng isang taong COVID-19+ ang isang silid, isaalang-alang ang pagbawas ng dami ng mga sumisipsip (porous), hindi nalalabhan, na mga ibabaw sa pamamagitan ng paggamit ng mga slip cover at mga kobre kama para mapasimple ang paglilinis

Batay sa Gabay ng Mga Sentro para sa Kontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC): https://bit.ly/2y4Ta70

PADALUYIN ANG HANGIN SA LUGAR

Hayaang bukas ang lugar para dumaloy ang hangin sa labas ng hindi bababa sa 24 oras bago maglinis o tiyakin ang sapat na oras para magkaroon ng hindi bababa sa 8 air exchange (para sa proteksyon ng tagalinis)

- Ang CDC COVID-19 na mga rekomendasyon ay para sa 24 oras, ngunit ang gabay ng pagkontrol ng impeksyon ng CDC ay nagrerekumenda ng 8 air exchange para sa pangkalahatang pagkontrol sa impeksyon
- https://bit.ly/2xu7jdA

MAGSUOT NG MGA GUWANTES AT MGA GOWN

Ang tagalinis ay dapat na magsuot ng mga guwantes at gown

- Hindi nagbanggit ang CDC ng proteksyon sa palahingahan, ngunit inirerekumenda kung may mga indibidwal na positibo sa COVID-19 ang naroon pa rin sa lugar

MGA NALALABHANG BAGAY

- Maingat na tanggalin at huwag alugin para mabawasan ang posibleng pagkalat ng virus
- Labhan sa pinakamainit na naaangkop na tubig at ganap na patuyuin
- Disimpektahin ang mga lalagyan ng labahan o mga kariton na ginagamit para ihatid ang labahan

MGA SUMISIPSIP (POROUS) NA IBABAW

Ang mga sumisipsip (porous) na ibabaw na hindi maaaring labhan (karpet, kurtina, atbp) - ispray-han ang ibabaw gamit ang produktong inaprubahan ng EPA

MGA HINDI SUMISIPSIP (NON-POROUS) NA IBABAW

Bigyang espesyal na pansin ang mga madalas-hawakan na mga ibabaw – mga suwits ng ilaw, mga bed rail, mga hawakan ng pintuan, mga hawakan sa lababo, mga palikuran, atbp

- Linisin ang dumi sa mga ibabaw gamit ang karaniwang detergent/sabon
- Magdisimpekta gamit ang:
  - 70% o higit pang solusyon ng alkohol
  - Hinaluang bleach (5 kutsara / galon o 4 na kutsarita / litro)

    Tiyakin na hindi expired ang bleach

    Katumbas sa isang 1:9 dilution ng 5% concentrated liquid bleach (batay sa gabay ng WHO)
- Produktong aprubado ng EPA
- Tiyaking mananatiling basa ang ibabaw sa loob ng 10 minuto

PAGKATAPOS NG PAGLILINIS

Ang PPE ay dapat tanggalin ng tama para maiwasan ang panganib ng pagkontamina sa sarili

- Ang mga guwantes at mga gown ay dapat na maingat na tanggalin pagkatapos linisin ang silid upang maiwasan ang kontaminasyon sa nagsusuot at sa nakapaligid na lugar
- Tanggalin muna ang mga guwantes, pagkatapos ay hugasan ang iyong mga kamay
- Kung ikaw ay may suot, tanggalin ang iyong face mask, at muling hugasan ang iyong mga kamay

IULAT ANG MGA SIRA

Ang mga kawani na naglilinis ay dapat agad na mag-ulat sa mga sira sa PPE (hal., punit sa mga guwantes) o anumang potensyal na pagkalantad sa kanilang tagapangasiwa

IBA PANG MGA KONSIDERASYON

Ayon sa CDC - Ang Covid-19 ay natuklasan ng hanggang 17 araw pagkatapos na binakante ang isang taong Covid+ ang isang cruise ship na silid, ngunit bago ito sa mga pagdidisimpekta

COUNTY OF SAN MATEO

Ginawa noong Marso 25, 2020 ng Pangkapaligiran na Kalusugan